
2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakinabang sa Lumang Bagay




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakinabang sa Lumang Bagay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo Sa Pagsusulat Ng Modyul**


| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Armilyn A. Dela Cruz |
| **Editor:** | Ramon J. De Leon, PhD |
| **Tagasuri:** | Charina S. Sogue |
| | Engelbert B. Agunday, EdD |
| **Tagaguhit:** | Jacqueline H. Abesamis |
| **Tagalapat:** | Armilyn A. Dela Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio, PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas, EdD |
| | Nestor P. Nuesca, EdD |
| | Priscilla D. Sanchez, PhD |
| | Ever M. Samson |
| | Josephine S. Tabangay |


**<u>Inilimbag sa Rebublika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III</u>**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pakinabang sa Lumang bagay

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Sining 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pakinabang sa Lumang Bagay!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at ampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang

hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Sining 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pakinabang sa Lumang Bagay!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng pagpapahalaga sa mga likhang sining ng mga lokal na manggagawa mula sa mga lumang bagay. **(A2EL-IVa-2)**



## Subukin

Panuto: Tingnan ang mga lumang bagay sa loob ng kahon na magagamit sa pagbuo ng panibagong likhang sining. Magsulat ng limang bagay sa sagutang papel.



| Aralin 1 | Pakinabang sa Lumang Bagay |
|---|---|

Sa pamamagitan ng sining, naipahahayag nito ang mga nais nating sabihin. Dito nasusukat kung paano maipakikita ang pagpapahalaga sa mga bagay na hindi gaanong binibigyan ng pansin, hanggang sa mabigyan ito ng buhay sa pamamagitan ng sining. Basahin at subukin ang mga gawaing nakapaloob sa araling ito.

## *Balikan*

Panuto: Tukuyin kung anong likhang sining ang isinasaad ng bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel kung ito ay taka, saranggola o bangka.

1. Ginagamit ito upang sakyan ng mga mangingisda upang makatawid sa dagat.

2. Ito ay gawa sa mga patpat at papel o plastik. Maaari ring gumamit ng iba pang materyales sa paggawa nito.

3. Ito ay gawa sa ginupit-gupit na papel at idinikit sa hulmahan. Patutuyuin ito at pipintahan.

4. Ito ay kailangang makalipad sa hangin na balanse ang bigat kaya't kailangang maging maingat sa paggawa nito.


5. Ito ay katutubong sining ng mga Pilipino na gawa sa kahoy. Karaniwang ginagawa ito sa tabing-dagat.

## Tuklasin

Panuto: Basahin ang kwento. Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Mahiwagang Kahon

ni Armilyn A. Dela Cruz



May isang malaking kahon sa harapan ng tindahan ni Aling Nida. Lahat ng makita niyang lumang bagay na hindi na ginagamit ay inilalagay niya rito. Maging ang mga bumibili ay naglalagay rin dito.

Ilan sa mga bagay na makikita sa mahiwagang kahon ay mga kawad, tali, tansan, bote, papel, maliliit na kahon, at iba pang mga bagay na makikita sa paligid.

Habang nagpapahinga ay naisipan ng kanyang anak na si Indon na gumawa ng robot mula sa mga bagay na nasa loob ng kahon. Doon niya napatunayan na mayroon pa palang pakinabang ang mga lumang bagay.

1. Ano ang dapat gawin sa mga lumang bagay na hindi na ginagamit?
   a. Itapon at sunugin.
   b. Ibaon sa lupa.
   c. Ipaanod sa ilog.
   d. Itago dahil mayroon pa itong pakinabang.
2. Ano-anong mga lumang bagay ang maaaring gamitin upang makagawa ng bagong bagay?
   a. kawad at tali
   b. tansan at bote
   c. papel at kahon
   d. lahat ng nabanggit



## *Suriin*

Ano ang mga lumang bagay na may pakinabang sa paggawa ng mga likhang sining?



- ✓ karton
- ✓ papel
- ✓ kawad
- ✓ tela
- ✓ bote
- ✓ tali
- ✓ tansan

Ano ang ilan sa mga likhang sining na magagawa mula sa mga lumang bagay?

- **Free Standing Balanced Figure/Robot** - ito ay yari sa mga lumang kahon at mga bagay na matatagpuan sa kapaligiran.

- **Taka (Paper Mache)** – ito ay gawa mula sa mga papel o lumang dyaryo. Ito ay ginagamitan ng balangkas upang mapanatili ang hugis. Ito ay pinatutuyong mabuti sa init ng araw hanggang tumigas at pinipintahan ng iba't ibang kulay.

## Pagyamanin


### Gawain 1

Panuto: Iguhit ang □ kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa mga likhang sining mula sa mga lumang bagay at ○ kung hindi. Iguhit ang sagot sa sagutang papel.


1. Gumagamit ako ng mga lumang kahon.
2. Nagpapabili ako ng mga bagong kagamitan sa National Bookstore.
3. Humahanap ako ng mga bagay na matatagpuan lamang sa kapaligiran.
4. Mga lumang bagay ang aking ginagamit.
5. Ayaw ko ng lumang kagamitan sa paglikha.


### Gawain 2


Panuto: Tukuyin kung robot o paper mache ang mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

**Gawain 3**

Panuto: Piliin ang bagay na maaaring gamitin sa paggawa ng mga sumusunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Robot | 1. (kahon, dahon, bato) |
| | 2. (buhangin, kahoy, karton) |
| | 3. (dahon, bote, buhangin) |
| Paper mache | 4. (bote, papel, tansan) |
| | 5. (dyaryo, bato, dahon) |



## *Isaisip*

Ano ang mga natutuhan mo sa modyul na ito? Alam mo bang makabubuo ng mga likhang sining sa pamamagitan ng paggamit ng mga lumang bagay tulad ng ______, ______, _____, _____, _____ at iba pang bagay na makikita sa kapaligiran?

Mula sa mga lumang bagay ay makagagawa ng isang bagong bagay sa pamamagitan ng ating imahinasyon at pagiging malikhain.

Ang mga likhang sining ng bawat pamayanan ay nakikilala sa pamamagitan ng mga ginamit na iba't ibang bagay mula sa kanilang kapaligiran.

## *Isagawa*

Panuto: Gumawa ng isang robot mula sa mga lumang bagay na makikita sa iyong paligid. Sagutin ng oo o hindi ang bawat pangungusap sa talahanayan upang malaman ang kakayahan mo sa paggawa ng likhang sining. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Pamantayan | Oo o Hindi |
|---|---|
| 1. Gumamit ba ako ng lumang kahon, papel, karton, tali, bote o tansan sa pagbuo ng aking robot? | |
| 2. Gumamit ba ako ng mga bagay na nakikita sa paligid ko? | |
| 3. Nakatatayo ba ang ginawa kong robot? | |
| 4. Naisagawa ko ba ang likhang sining sa sarili kong pagsisikap? | |
| 5. Nakatulong ba ako sa kalinisan ng ating kapaligiran? | |

## *Tayahin*

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Nakakita ka ng mga kahon, bote at pandikit. Anong likhang sining ang maaari mong gawin?
   a. taka o paper mache
   b. free standing balanced figure o robot
   c. saranggola
   d. wala sa nabanggit

2. Ang mga likhang sining ng lokal na manggagawa ay nakikilala sa pamamagitan ng mga ginamit na bagay mula sa kanilang ___________.
   a. pamayanan
   b. kapaligiran
   c. luma at patapong gamit
   d. lahat ng nabanggit

3. Nagbigay ng asignatura ang iyong guro. Ikaw ay gagawa ng likhang sining mula sa mga lumang dyaryo.
   a. Hindi na lang ako gagawa ng asignatura.
   b. Hahanap ako ng mga lumang dyaryo at gagawa ako ng taka o paper mache.
   c. Magpapabili na lamang ako kay nanay.
   d. Iba na lang ang gagawin ko dahil walang dyaryo.

4. Ano ang dapat gawin sa mga likhang sining na gawa ng mga lokal na manggagawa?
   a. pagtawanan
   b. tangkilikin at bigyang halaga
   c. ikahiya

d. sirain kapag nakita ito

5. Bilang isang batang Pilipino, paano mo maipakikita ang pagiging malikhain?

a. Bibili ako ng gawa ng iba.

b. Magpapagawa ako kay nanay ng mga proyekto.

c. Hahanap ako ng mga lumang bagay upang makagawa ng sariling likhang sining.

d. Magpapabili ako ng mga bagong gamit.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Iguhit ang masayang mukha ☺ kung tama ang isinasaad ng pangungusap, malungkot na mukha ☹ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang Paper Mache o taka ay gawa sa papel o lumang diyaryo na ginagamitan ng balangkas upang mapanatili ang hugis.
2. Ang Free Standing Balanced Figure o Robot ay yari sa kahon at mga bagay na matatagpuan sa kapaligiran.
3. Nakatutulong ako sa kalinisan kapag gumagawa ako ng likhang sining mula sa mga lumang bagay.
4. Nakatitipid ako sa tuwing gumagawa ako ng likhang sining mula sa mga lumang bagay.
5. Hindi dapat nabibigyan ng pagpapahalaga ang mga likhang sining ng mga lokal na manggagawa.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
Narito ang mga tamang sagot, maaari itong isulat sa kahit anong bilang.
- karton o papel
- kawad
- tela
- bote
- tali
- tansan

**Balikan**
1. bangka
2. saranggola
3. taka
4. saranggola
5. bangka

**Tuklasin**
1. d
2. d

**Pagyamanin**
**Gawain 1**
1. parisukat
2. bilog
3. parisukat
4. bilog
5. parisukat

**Gawain 2**
1. robot
2. paper mache
3. robot
4. robot
5. paper mache

**Gawain 3**
1. kahon
2. karton
3. bote
4. papel
5. dyaryo

**Isagawa**
1. oo
2. oo
3. oo
4. oo
5. oo

**Tayahin**
1. b
2. d
3. b
4. b
5. c

**Karagdagang Gawain**
1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☹

# *Sanggunian*

Department of Education. 2013. K to 12 Arts Curriculum Guide. Unang Edisyon. Pasig City. Acessed aate July 10, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/ uploads/2019/01/Health-CG_with-tagged-math-equipment.pdf

Department of Education. 2020. Most Essential Learning | Search Results | Department of Education. deped.gov.ph. Accessed date July 31, 2020. https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Orseo, Carmelita et al, Developing Mind nad Body Thorugh MAPEH 1 (Mind Builders Publishing House,2006)

Ramilo, Rolando V, Fe P. Pabilonia,Kristel Iris E. Igot and Marco A. Catacutan  Music, Arts, Physical Education and Health (Philippines: Rex Book Store, INC, 2013), 168-171

Tungpalan, Krichelle A., EdD, MAPEH for Filipinos 1 ( St. Andrew Publishing House, Philippine Copyright 2016)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph